**Synopsis ng “Gina”**

Nagtatrabaho bilang ekonomista si Gina sa ahensiya ng gobyerno na nangangasiwa sa kapaligiran at likas-yaman. Tulad ng maraming babaeng 26 anyos, kinikilig din si Gina, nasasaktan sa maling pag-ibig, at kumakayod araw-araw para mabuhay. Pero habang tumatagal, kumakagat ang mas malalalim na katotohanan ng buhay, at unti-unting nababasag ang mga konsepto kung paano tinitingnan ni Gina ang kaniyang paligid, lipunan, at lalo na ang kaniyang sarili.

Nang mapunta siya sa isla ng Manicani para sa isang field work, harapan niyang nakita ang epekto ng mining sa komunidad. Narinig niya ang boses ng mga taong direktang naaapektuhan nito, sa mabuti man o masamang paraan. Sa gitna ng pagfa-facilitate sa isang magulong Focus Group Discussion tungkol sa pagbibigay ng kabuhayan sa mga taong apektado ng mining, nahanap ni Gina ang sarili niyang boses. Sa unang pagkakataon, tumindig siya para sa isang bagay na alam niyang tama.

Sa dulo, handa na siyang bumalik sa bayan ng Tanauan, Leyte, ang lugar na kaniyang pinag-ugatan. Doon, bilang babaeng bitbit ang bagong kamulatan sa sarili at lipunan, ipagpapatuloy niya ang buhay.

**GINA**

Field tayo sa Region 8 bukas. Meeting sa conference room. Baba na. Nagdalawang-isip ako kung rereply-an ko ‘yung text ni Charizard. Katatapos lang ng lunch break binubuwisit na naman ako ng bruhildang ‘to. Mamaya. Maghintay kayo diyan. Kaya pala walang tao dito sa third floor kasi nandu’n na sila lahat sa conference room. Field bukas, e Sabado bukas? Ngayon na nga lang makakapag-field, sabog pa yata ang pagkaka-organize. Nagligpit na lang ako ng pinagkainan at pinunasan ng tissue ang desk. Harap ulit sa computer.

Alam ko namang ayaw ng mga tao dito sa ‘kin, di lang si Charizard. Sa laki ng floor namin na may lampas 20 tao, mesa ko ang nasa tapat ng kuwarto ni Superman. Bukas lagi ang pinto kasi sabi niya I want to maintain a free and relaxed atmosphere. Utot mo violet. ‘Kala mo may x-ray vision tuwing napapataas ang paa ko ‘pag dumedekwatro, o kaya tuwing yuyuko ako para magtapon ng basura. Sa isip-isip ko, anong tinitingnan nito, lagi naman akong naka-pants, bihirang-bihira ako mag-dress. Tuwing magpapasa ako ng report, dadaplis ang daliri niya sa kamay ko. Kadiri! Hindi naman ako maganda, tigang lang siguro talaga ‘tong si supermanyak. Wala man lang taste! Lamang ko lang kasi siguro sa iba, mukha akong bata. 26 na ako, pero papasa pa rin akong estudyante. Minsan naiisip ko, kahawig ko ‘yung mga crew sa McDo o Jollibee kapag katatapos lang nila ng shift. Payat, maliit, wavy ang hair, parang laging haggard.

Ekonomista ako sa division naming nagpaplano ng investments sa forestry sector. Ako lang mag-isa, karamihan kasi sa officemates ko graduate ng forestry, kasi trabaho ng bureau namin na mangasiwa sa mga natitirang kagubatan sa Pilipinas. Di ako hardcore environmentalist. Wala akong pangarap maging presidente, o maging top economic adviser. Nagkataon lang talaga na napunta ako sa ahensiyang ‘to kasi pinasok akong kontraktwal ng friend ni tita na nasa ibang

division pagkatapos kong mag-resign sa dati kong work. Siguro mga 90% ng buhay ko, sumusunod lang ako sa agos. Tita ko nga namili ng course ko sa college. Sunod sa gusto ng boss para walang away, para tuwing kinsenas may pambayad sa mga kailangan bayaran. Simple.

Pagka-graduate ko ng college, first job ko sa e-commerce. Walang point. Tumutulong sa mga kliyente na makapagbenta ng mas marami para marami ring kitain ang kompanya. Todo isip ng mga pakulo para i-encourage ang working class na gumastos sa mga materyal na di naman nila kailangan. Kasuka. ‘Yung second job ko naman, sa bangko. Laging ginagabi ng uwi at grabe ka-competitive ang officemates ko. Ta’s ‘pag sinusuot nila ang gray fitted dress na uniform namin, ang sexy-sexy nila. Litaw kahit ga-santol ang boobs tapos panalo ang may puwet lalo ‘pag naka-heels. Ako, kahit anong gawin kong kain hindi umuumbok ang dibdib at puwet ko, tiyan ko lang ang bumabakat. Nagpapakamatay sila sa trabaho, x4 daw kasi ang sahod ng manager kumpara sa mga trainee. Simple lang naman ang ginagawa sa bangko. Kailangan i-encourage ang mga taong magdeposito para mas maraming maipautang. Mas malaki ang kita sa interes, mas mayaman ang bangkong pagmamay-ari ng mga elite. The economy “grows.” Talaga ba?

Pinirmahan na pala ni Duterts ‘yung Executive Order tungkol sa AmBisyon Natin 2040. Long term vision ng Pilipinas na maging isang predominantly middle-class na lipunan where no one is poor; our peoples shall live long and healthy lives, be smart and innovative, and shall live in a high-trust society. Lakas maka-Singapore! Sabagay, ambisyon lang naman. Pina-attend ako sa isang convention sa isang malaking hotel kung saan ‘to nai-present. Habang ngumunguya ako ng makunat na donut, heto ang sabi ng direktor ng NEDA: sampung libong Pilipino ang sumailalim sa series ng Focus Group Discussions para sagutin ang tanong kung ano ang gusto nilang makamit para sa sarili nila at sa Pilipinas by 2040. Hirap daw sumagot ang mga Pinoy. Nganga. Wala yatang vision para sa sarili, lalo na sa bansa. E mahirap kayang isipin ang hinaharap kung ‘yung pagkain

nga para bukas hindi alam kung saan kukunin. Tahimik na buhay—ito raw ang sagot ng karamihan. Windang ang NEDA. Pa'no naman ika-quantify ang vision na 'to? Pa'no ilalagay sa Philippine Development Plan (na shet kailangan ko pa nga palang lagyan ngayon ng targets at projections)? Pa'no makakautang para pondohan ang pagpapatahimik ng buhay (Parang ang sama pakinggan nito)? Di makakautang sa World Bank-IMF-ADB. Maloloka ang mga kongresista't ahensiya ng gobyerno kung pa'no gagawa ng polisiya para patahimikin ang buhay ng mga Pinoy. Kaya ni-refine ng mga magagaling na ekonomista ang indicators. Inayos ang FGD guide at ang questionnaires. Para sa mga ekonomista, kahit simpleng katahimikan ng buhay ang gusto ng Pinoy, kailangan pa rin itong gawing dependent sa mga bagay na puwedeng presyuhan. So ang lumabas sa FGDs: 62% ng mga Pinoy ang gustong magkaroon ng isang kotse. 61% ang nagsabing medium-sized home. 73% ang nagsabing mas gusto ang maliit na bahay na may malaking lote kesa sa malaking bahay na may maliit na lote. 77% ang nagsabing mas gustong magka-kotse kesa magkaroon ng magandang sistema ng transportasyon. May vision ba ang mga Pinoy? Hindi ako nakatulog kinagabihan sa dami ng nainom kong brewed coffee.

Hay, ba't ngayon ko na lang nari-realize 'tong mga ka-emohan na 'to ngayong 26 na 'ko. Ewan ko ba. Kasi siguro mas malapit na 'ko sa 30 kaya kailangang mas seryosohin ang buhay? O, siguro mas naramdaman ko lang ang hirap ng buhay nu'ng namatay si tita last month?

Nagtext na naman si Charizard: Where r u? Baba na sabi ni boss. Dini-divide na team. Che! May ginagawa pa 'ko. Saka kayo naman magaling di ba? Ang gagaling n'yo magcomment tuwing meeting, saka wala naman akong sense kausap. E di kayo na diyan.

May tumawag sa office, nasama raw sa CARP ang lupa nila. Ipapamigay na ng gobyerno sa mga magsasaka kaya nagtatanong kung sapat ba 'yung P700 na binayad sa kanila kada puno ng mahogany at teak na kinailangang putulin. "E bayad na naman po pala kayo, a." Shet, di ako

nakapagpigil. E kasi naman pa-like, like you know pa, mukhang di naman niya kailangan ng pera. Kebs, marami pang lupa ‘yun. Ini-hang ko nga ‘yung phone para hindi na siya makatawag.

Bad trip. Bakit ba lagi na lang akong nababadtrip sa trabaho kapag ikalawang taon ko na. Hanggang 2 years lang yata talaga ang shelf life ko sa trabaho. 2 years sa e-commerce, 2 years sa bangko, tapos dito, pangalawang taon ko na tapos parang ayoko na rin. Isinumpa yata akong di magtagumpay sa career. Di naman ata kasi talaga ako ‘to. Naaalibadbaran ako sa pangalan ng propesyon ko. Ekonomista. Ka-rhyme ng tangina. Puta. O siguro at least ayokong maging ekonomista sa gan’tong klaseng sistema ng ekonomiya na unti-unti nang hindi nagiging kapani-paniwala sa akin. Di ko kering mag-allocate ng scarce resources to satisfy the unlimited wants of humans buong buhay ko. Bakit ba kasi hindi makuntento ang tao? Saka hindi naman tao ang madalas na kausap ko sa trabahong ‘to. Puro numero, charts, at graphs. Puro paglalagay ng presyo at pagpi-predict sa hinaharap. Kahit carbon dioxide pinepresyuhan ko. Ang mga tinitingalang ekonomista, magaling magpaliwanag ng mga krisis pang-ekonomiya pero hindi naman talaga nila napi-predict ang future. Bakit third world pa rin ang tawag sa Pilipinas? Talaga bang may third world o may iba lang na gustong panatilihing first world ang tingin sa kanila? Anong nagawa nila para ibagsak ‘yung mga naghahari-harian? Shet, ito ba ang quarter-life crisis? O unti-unti lang akong nagigising sa katotohanan? Gusto ko lang sana ng trabahong may interaksyon sa mga totoong tao. Habang ‘yung iba sarap na sarap sa aircon ng office kasi hindi natutunaw ang make-up nila, hinahanap ng katawan ko ‘yung pawis at init. Parang kung pa’no ‘ko naglalaro nu’ng bata pa ‘ko. Kung pa’no ‘ko tumatalon sa dagat galing sa pier sa Tanauan noon. Kung pa’no kami naghahabulan ng mga kalaro ko sa tuyong pilapil hanggang gumabi. Gano’n na lang sana ulit.

HOY GINA SAN K N? HANAP KNA NI BOSS! Bababa na. ‘Ina n’yo.

Nagbukas ako ng bagong word document. Nagsulat. Dear Director, Thank you for letting me work as an economist in the bureau. I learned a lot about my country and most especially myself. Unfortunately, I have to resign for personal reasons. Please throw away all my reports and keep the books on my desk and put it in our library. They're safer there because no one reads them. Just so you know, I've been doctoring the projections for our reforestation programs. The results are good anyway, you can still use them, no one will know. I just don't believe the Philippines will be greener this way, because of other more pressing factors. But I won't bother listing them here. Thanks again. Maraming maraming maraming salamat po.

Prinint ko ang letter at pinatong sa desk. Pinatungan ko ng kalendaryong give-away nu'ng Pasko, sakto lang para matakpan ang nakasulat. Kumuha ako ng bolpen at notebook at bumaba sa conference room.

Meron akong officemate, si Ostrich. Siya ang nag-iisang computer programmer sa division namin at sa buong bureau. Galing siya sa GIS unit, 'yung mga nag-o-overlay at naglalagay ng data sa mga mapa, bago siya nalipat sa division ngayong buwan pagkatapos ng reorganization. Half-German siya, tisoy, pero pang-Pinoy ang height. Mataba. Tahimik. Bagay sa kanya ang pangalan niya kasi katawan niya lang ang mataba. Anlaki ng tiyan, mapintog ang mga braso, pero ukit-ukit ang mukha. Guma-Gardo Versoza. Siya lang ang kilala kong obese na may prominent jawline. Nalaman kong 10 years na pala siya sa bureau nu'ng saktong 2nd year ko naman. Nagpameryenda kasi siya ng Yellow Cab sa buong division. Natural, puntahan lahat. Habang kumakain, konting small talk at biruan. Du'n ko nalamang taga-Leyte siya, halata naman din sa punto niya. Du'n siya nag-aral, pero sa Maynila na nagtrabaho. Kakamatay lang ng tatay niya sa Germany na kahit nakakausap niya raw madalas lately ay hindi na niya nakita mula pa nu'ng elementary siya.

Ewan ko kung ba't biglang kumabog ang dibdib ko. Fine, gwapo siya, tapon katawan pero may something nang malaman kong Waray siya. Siguro dahil taga-Leyte rin ang parents ko. Wala lang, noon lang kasi ako nakahanap ng opportunity na kumonek with someone sa office. Baka may parehas kaming istorya. Kahit di ako marunong mag-Waray, me mapag-usapan lang. Malay mo.

"Ba't pala Ostrich?" 'Yun ang una't huling beses na nag-open ako ng conversation sa lalaki nang may intensiyong manlandi, at 'yun lang ang nasabi ko. Nasa magkabilang side kami ng table kaya medyo napasigaw pa 'ko, sobrang awkward. Di ko nga alam kung kilala niya 'ko.  Apelyido niya pala ang Ostrich. Well, basta malapit du'n ang spelling at pronounciation sa German. Nilubos-lubos ko na at binanggit kong taga-Leyte rin ang parents ko, sa Tanauan. Swear, pero parang medyo kuminang ang mga mata niya. Gusto ko sanang itanong kung ano na'ng itsura ng Leyte kasi 15 years na 'kong hindi nakakauwi. Gusto ko sanang ikuwento na taga-Leyte ang parents ko pero sa Maynila ako lumaki kasi pinaampon nila 'ko sa tita kong walang anak nu'ng 5 years old ako. Para raw mabigyan ako ng mas magandang buhay. Na ano kaya sa tingin niya, kasi pinababalik nila 'ko sa Leyte pagkamatay ni tita, kaso nag-aalangan ako kasi hindi ako lumaking close sa kanila tapos bigla akong uuwi. Naiisip ko, eventually uuwi ako, pero hindi pa siguro ngayon.

Humirit agad si Charizard pagkatapos kong magtanong. "Hoy Gina 'wag ka nga maingay!" Tawanan lahat pati mga tropa niya. Ang baboy na 'to, sa isip-isip ko. Parang laging bagong facial, ang pula-pula ng mukha. Ang sikip-sikip pa ng suot na floral dress. Di na makita 'yang mata mo sa laki ng pisngi mo! Halata naman kasing type din si Ostrich. Sabagay, meron din kasi kayong puwedeng pag-usapan: Pagkain. Pero mas bagay kaya kami. 'Pag pinagsama kami, 10. Kayo, 00.

Sinubukan ko namang makipagkaibigan kina Charizard, hindi lang talaga siguro nag-work. Nu'ng bago pa 'ko, sinasama pa nila 'ko tuwing kumakain sa labas, nanonood ng sine. Natuwa

naman ako kasi kahit Senior na siya, nakikisama pa rin siya sa mga mas bata. Pito kami sa division na magkakalapit ang edad. Ate Char ang tawag ko sa kanya noon, mas matanda kasi siya ng 5 years. Pero unti-unti akong na-left out. Narinig kong naiirita sila ng tropa niya sa ‘kin kasi ang daldal ko raw, masyadong pabibo. Minsan lang naman ako nagpabibo isang meeting at napatagal ang comment ko. E anong gagawin ko? Sinabi ko lang naman ang tingin ko makaka-contribute sa diskusyon. Pero di pala gano’n kasimple. Minsan kay Charizard pina-check ni Superman ang report ko. Pinuntahan niya ‘ko sa desk. Umuusok ang ilong, parang magfe-flamethrower. Bigla niya ‘kong sinigaw-sigawan. Mangiyak-ngiyak ako kasi dinig na dinig siya ng ibang mga ka-division namin. “Taga-UP ka ba talaga?” 3 hours akong umiyak at hindi lumabas ng CR. Hinintay ko na lang mag-uwian. Pagtapos ng eksenang ‘yun, ilang beses niya pa ‘kong pinahiya. Mula nu’n, sinarili ko na lang ang comments ko lalo ‘pag ka-meeting sila. Nanahimik na lang ako sa office. Siguradong sinabi ni Charizard ‘yun kay Superman at malabo na ‘kong ma-renew next year.

Nakakabatian ko na si Ostrich pagtapos ng pameryenda niya. Nakakakuwentuhan pa nga minsan. Ilang araw lang, medyo naka-close ko na siya. Alam ng lahat na NBSB ako, pero nagulat ako nang malaman kong NGSB si Ostrich. Hindi naman siya mukhang torpe. Bukod sa ‘kin, close din sila ni Charizard kaya medyo nagselos ako, pero wala ‘kong balak makipagkompetensiya kaya hinayaan ko lang sila. Kung trip niya ‘ko, e di go. Kung hindi, kebs.

Nagulat ako isang lunch break pumunta siya sa cubicle ko na may dalang malaking laptop. Ipapapanuod niya raw sa ‘kin ang bagong episode ng The Walking Dead. Siksikan kaming nanood habang kumakain. Nag-lunch-out sina Charizard at wala halos tao. Patay ang ilaw at nagsi-siyesta ang mga tanders. Alam ko nang may mamamatay sa episode na ‘yun pero hindi ko pa alam kung sino. Inaasar kong siya ang mamamatay. Ibig ko sabihin si Eugene, yung sinungaling na scientist na kamukha niya. Mas bilog lang si Ostrich at mas ukit-ukit ang mukha pero long back din ang

buhok. Parang si Randy Santiago na napabayaan sa kusina. Habang pinapapak ng mga zombie yung makulit na batang tatanga-tanga (ingay kasi nakagat tuloy), naramdaman kong nakapatong 'yung kamay ni Ostrich sa hita ko. Hinimas-himas niya hanggang sa makarating siya sa loob ng panty. Di ko alam anong gagawin. Patay malisya na lang, kunyari tutok sa panonood. Gusto kong sumandal sa kanya at yakapin ang braso niya pero nahiya ako. Hindi rin naman niya ako niyakap o hinalikan. Hindi ko alam kung pa'no nangyari pero parang walang nangyari. Back to normal pagkatapos. Iniisip ko tuloy kung nangyari ba talaga 'yun o nag-iilusyon lang ako.

Nu'ng unang flag ceremony ng bago naming Secretary, nakatabi ko si Ostrich. Complete attendance ang buong department at puno ang area sa harap ng flagpole. Nakasilong kami sa may likuran sa harap ng building para di mainit. "Kapangalan mo pala si Sec 'no?" Ang babaw ko pero kinilig ako sa tanong niya. Sabi ko hindi ko naman talaga siya kapangalan. Regina kasi ang buong pangalan niya, ako Gina lang talaga. Ewan ko ba sa mga magulang ko pati sa pangalan kinulang sa effort. Wala kaming ibang pinag-usapan kundi si Sec Gina. "Masaya ba kayo! Mababait ba kayo! May pera ba kayo!" Iniinsulto yata kami nito, a. Parang tanga lang si Sec na nagsisisigaw. "Eventually I left home. Not because things were not good, but because I had this urge to do something." Kinuwento niya 'yung pagpunta niya sa Africa para magmisyonaryo. In fairness sa kanya. Naisip ko, gusto ko ring gawin 'yun. Susundan ko 'yung instinct ko, 'yung tingin ko tama kahit hindi ko sigurado kung saan talaga ako mapupunta. Shet ang drama ko, si Ostrich kasi, e. Charot. Ok, back to reality. Na-appreciate ko siya nang sabihin niyang tutulong ang DENR sa pag-angat sa buhay ng mga Pilipino. Di naman kasi 'to direktang ginagawa ng department. "I'm not against mining, but I hate to see people suffering." Tahimik ang lahat sa pakikinig sa bagong Secretary. "Not against mining daw, e may listahan na nga daw 'yan ng mga ipapasarang kompanya, saka anong alam niyan, ang yaman-yaman niyan." bulong sa 'kin ni Ostrich. Marami

rin ang nagbulungan sa paligid. Medyo uminit ang dugo ko, masyado na rin yata kasing mataas ang araw. Napatingin na lang ako kay Ostrich. Gusto ko sanang sabihin sa kanya na, "E nagmimina lang naman sila para makapagparami ng pera. Ilang kaldero, kotse, saka diyamante ba ang kailangan ng tao at kailangan nilang magmina nang magmina. Mga ganid na kapitalista kasi ang may-ari ng mining companies na 'yan, e tayo, ano, nagtatrabaho naman para panatilihin silang gano'n. Kasi may sarili rin tayong interes? Kasi pinapasuweldo naman tayo nang maayos, nagtatrabaho nang marangal? Pero pa'no 'yung mga nadi-displace na mga tao sa lupa nila, 'yung mga katutubo? Nabibigyan nga ng trabaho 'yung iba sa community, pero napakaliit naman ang sahod. Karamihan naghihirap pa rin, nasisira pa ang gubat saka dagat. Alam mo bang napakaliit lang ng nakukuhang royalties ng Pilipinas galing sa mining?" Nanggigigil ako pero sinarili ko na lang lahat. "Ok! I'm going to teach you something. This is going to be our cheer from now on. Everytime we recognize the success of one of our employees, or bureaus, ito ang gagawin natin. Ok? Tatlong bagsak!—1-2-3, tatlong padyak!—1-2-3, taas kamay, DENR! Ok again! Clap! 1-2-3, Stomp! 1-2-3. DENR! Again!" Nakatitig lang ako kay Ostrich habang sumusunod naman siya at ang mga nasa paligid namin sa cheer. "Baliw 'tong babaeng 'to," sabi niya habang tumatawa.

Pagpasok ko sa conference room, nakaupo na sa malaking bilog na table si Charizard at ang mga tropa niya. Binilang ko, 16 kami lahat galing sa iba't ibang division. Nagsasalita si Superman sa harap, tabi ng screen kung saan may mapa ng isang isla. Tumayo muna 'ko sa may pinto. Medyo matanda na si Superman, nasa 50s siguro, pero halatang gayot nu'ng bata, parang militar. Mabagal siyang magsalita at pumuputok ang consonants. "And so it's a marching order from Sec. This will be a case study that will contribute to the planning of other priority sites. Weekend ang alis para walang pasok sa area. And so we can have more respondents." Puro forester ang nasa loob ng

conference room maliban sa ‘kin, sa isang babaeng law student galing sa Policy division, at kay Ostrich. Halos magkakaedad kaming lahat.

Manicani Island, Eastern Samar, sabi ng title ng slide. Naka-overlay sa GIS-generated map ang landcover at political boundaries. Maliit lang ang isla, mahigit 1,200 hectares at may 2,600 residente. Hati sa apat na barangay, parang pizza na hiniwa sa apat: Buenavista, Banaag, Hamorawon, San Jose. Sinuri ko ‘yung legend at binalik ang mata sa mapa. Sa upper right siguro ang capital, sa Buenavista. Du’n kasi pinakamarami ang built-up areas, mga bahay ‘yan karamihan. Makes sense kasi nasa northeast niya lang ang bayan ng Guiuan, Samar, ‘yung matinding tinamaan ng Yolanda. May dalawang malaking butas na mukhang lupang hinukay. May kaunti pang gubat sa gitna ng isla. Sa paligid ng gubat puro grassland at crops. Sa paligid ng isla mga mangrove areas. Nagpalit ng slide. Around 94% of the island is covered by Mineral Production and Sharing Agreement (MPSA) No. 012-92-VIII issued to Hinatuan Mining Corporation, although it’s also a protected area. Estimated 25 ha of mined-out areas. Labo, protected area pero minimina.

Naghanap ako ng bakanteng upuan. Natuwa ako na nandu’n si Fe, ‘yung baklitang forester na kaibigan ko sa Conservation Division. Umupo ako sa tabi niya. “Guuurrl, nako ‘te ang malas mo,” bulong ni Fe. “Magka-team kayo ni Ate Char! Kaloka!” Keep your enemies closer talaga, ha. “But don’t you ever worry, babantayan ko ‘yang boylet mo. Magkatabi lang barangay natin, sa Buenavista kayo, sa Hamorawon kami. Bongga!”

Nakita na ‘ko ni Superman. Pumuputok pa rin ang consonants. “Considering that their MPSA is expiring next year, what the Secretary wants us to do is identify potential sustainable livelihood opportunities in the area. And so we will go there tomorrow, and the four teams will go to each of the four barangays and do area survey. Transect walk tayo. Then we do community mapping and public consultation in the barangay halls. We should have analyzed all the data given

to us beforehand bago tayo sumabak. We'll process the results in the afternoon. Then the following day we will present the outputs in an exit conference. Invited ang buong residents ng Manicani sa exit-con. Wala tayong problema sa language because nagta-tagalog ang mga tao doon. Sinama rin natin si Ostrich kasi marunong siya mag-Waray. Saka ikaw Gina, di ba taga-Leyte ka?" Napatingin sa 'kin ang mga kampon ni Charizard. "Yes boss, pero hindi po ako marunong mag-Waray." Tumaas ang kilay ng iba, mga bwiset. E kayo, marunong kayo? "No problem. You will do the FGD design, Gina. Show it to me tomorrow." Sige na nga, naisip ko. Pagkakataon na rin para i-redeem ang sarili. "I've coordinated already with Regional Director Sibaluka to tell the LGU to get representatives from the different sectors in Manicani island, farming, fishing, mining, youth, women, church, lahat. All in all we're expecting around 15-20 participants in the public consultation. And so brace yourselves, mahaba ang araw natin bukas. Our flight is at 4am."

Zombie mode. Wala halos tulog. Nu'ng nasa loob na ng eroplano, nagpalitan kami ng upuan ng katabi ni Superman para ma-check niya 'yung ginawa kong FGD design. Pinakita ko 'yung first page: Stakeholder Analysis. Sumayad 'yung braso ni Superman sa braso ko. Nilayo ko agad ang braso ko at tinago ang kamay ko sa bulsa ng maong. "Ok 'tong socioeconomic indicators mo, pero tanungin din natin sila kung may fishing organizations doon. Coastal community ito, kaya most likely meron. Baka may iba pang people's organizations. Tingnan natin how developed, then let's see how we can help them. Hindi lang naman programa natin ang puwede i-offer, we can also link them to other agencies." In fairness. Parang di manyak 'pag nagsasalita. Pinakita ko 'yung second at third page. Pinaliwanag ko kung paano mafi-fill out yung problem and livelihood matrix. I-a-identify ng community ang problems sa community tapos iisip ng mga paraan para i-address 'yun. Tapos, ipi-present ang output ng community mapping at problems matrix. Pagka-present, ipapa-identify sa community kung anong kabuhayan ang gusto nila. Itatanong kung meron silang

sapat na resources para i-sustain ‘yung kabuhayan, kung may target market, saan ang posibleng lokasyon ng livelihood, at anong mga organisasyon ang puwedeng sumuporta sa kanila. Napansin kong magkadikit ang balikat namin ni Superman pero hindi ako nailang. Nakatutok siya sa ginawa ko. Nakikinig naman ako. Natuwa ako dahil natuto ako kahit paano. Ngumiti siya. “Ok, good job. And so you will facilitate the FGD in your barangay, ok?” E di wow.

Paglapag namin sa Tacloban, breakfast lang sandali tapos sinundo ‘yung mga sasama sa ‘min galing sa DENR Region 8 office. Dalawang lalaki’t dalawang babae. Puro tanders. Tatlong oras na biyahe pa-Guiuan. 20 na kami lahat. Kung anong init sa Tacloban, siyang lakas naman ng ulan sa Guiuan. Napilitan tuloy kaming magdalawang pump boat papuntang Manicani kasi delikado kung pagkakasyahin sa isa. Niyuyugyog kami ng dagat, buti matibay-tibay ang katig. Ang sakit sa mukha ng talsik ng tubig-ulan. Mga 40 minuto ang tinagal ng biyahe bago makarating ng Manicani Island. Sa maliit na pampang kami ng Barangay Buenavista dumaong para mas safe. Mabato sa pampang at maraming shells. Inaabangan kami sa pampang ng kapitan ng Barangay Buenavista at mga sampu pang lalaki. Maitim na lalaki si Kap at parang puputok ang puting t-shirt at maong na shorts sa laki ng tiyan. Sayang, cute and huggable sana siya kaso mukhang masungit.

Maputik ang daan papuntang barangay hall. Naghuhugas kami ng paa sa mga sanaw pero napuputikan ulit pagtapos ng ilang metrong lakad. Mamula-mula ang lupa. 15 minuto na kaming naglalakad at habang papalapit na sa barangay hall, nagiging sementado na ang daan. Lumalaki ang mga konkretong bahay. May mga nagba-basketball sa covered court sa tapat ng barangay hall. Meron ding mga klasrum at isang maliit na chapel sa tabi nito. Kaming sa Barangay Buenavista naka-assign, kanya-kanyang latag ng mga gamit at sleeping bags sa isa sa mga klasrum. ‘Yung iba, nag-shower muna at nagpalit ng damit. Matapos magpahinga, tinawag na kami ni Superman

at mag-uumpisa na ang meeting. Nagdatingan na rin ang mga kapitan ng Barangay Hamorawon, Banaag, at San Jose. Nag-meeting kami sa pinakamalawak na klasrum.

Isa-isa kaming nagpakilala. Nagpaliwanag sa mga kapitan at kagawad ng pakay namin. Nagkasundong pasasamahan kami sa isang tanod para sa gagawin naming transect walk sa mga barangay. Nu'ng malapit nang matapos ang miting, nagsalita si Kap ng Buenavista. Magaspang ang boses niya. Halos walang marinig na puntong Waray sa pananalita. "It's a shame I can't join you today during the consultation. I have to go back to Guiuan. Otherwise my wife will divorce me!" Nagtawanan lahat kaya pinilit ko na rin tumawa. "I must say, beforehand, na 90% of the people here in Manicani are pro-mining." Nasabi na 'to ni Superman kaya hindi na kami nagulat. Sabay-sabay kaming nananghalian bago naghiwa-hiwalay papunta sa mga barangay.

Kasama namin ang isang tanod ng Buenavista sa transect walk. Malaking maitim na lalaking yosi nang yosi. Nag-umpisa kami sa barangay hall at naglakad paakyat sa pinakamataas na kaya naming maabot sa loob ng isang oras. Ako ang nagno-notes habang 'yung dalawang lalaking forester ang may hawak ng GPS, nagpi-picture, at nagtatanong sa tanod. Gusto ko sanang dikitan 'yung isang forester kasi kamukha ni Coco Martin kaso dinadaldal ako ng isang forester na mabaho ang hininga. Kasama rin namin 'yung isang mama na galing sa regional office. Matanda na pero sobrang bilis naman maglakad. May sarili yatang project si manong. Hindi na sumama sa transect si Charizard dahil may kailangan pa raw tapusing trabaho saka aabangan daw niya ang dating ng respondents. Utot niya. Di lang kasi kayang umakyat ng bundok sa sobrang bigat ng dala-dalang taba. Rolling naman ang slope kaya hindi mahirap umakyat. Umuulan nga lang kaya sobrang putik. Nahirapan pa kami kasi sobrang tahimik ni kuyang tanod. Parang may ibang iniisip. Tipid na tipid ang sagot sa mga tanong namin. May nadaanan kaming elementary at high school. Luma na raw ang elementary school pero bago ang high school. Pinatayo ng mining company. May community

tree plantation din kaming nakita. Punong kakawate at ipil ang nakatayo. May water pumping system din. Pinagawa din daw ng mining company. Nang makaakyat kami nang mataas-taas, tanaw namin sa likuran ang dagat kahit maulap. Parang Manila bay dahil sa mga nakatigil na malalaking barko malapit sa isla. Sa mining company raw 'yun. Du'n nilalagay ang mga tina-transport na nickel ore stockpiles. Sinasakay ng maliliit na barko ang stockpiles sa motherboat para dalhin sa China, kung sa'n gagawing bakal. Kaunting porsyento lang ng lupa 'yung ore kaya tinanong namin kung sa'n napupunta 'yung ibang lupa. Di alam ni kuyang tanod kaya nagbiruan kami na baka 'yun 'yung pinantatambak sa man-made islands ng China. Pero na-realize namin na shet puwedeng totoo 'yun. Anyway, nagtanong ako kung hindi ba gumuguho ang lupa dahil sa mining. Open-pit mining kasi ang isa sa pinakamaruming paraan ng pagmimina. Natural daw ang pagguho ng lupa at may itinatayo namang silt ponds ang mining company para mapigilan ang pagguho. Kung hindi lang raw maulan at inaagos ng tubig ang lupa, makikita namin ang itim na chromite na nangingintab 'pag naarawan. Mayaman daw talaga ang lupa ng Manicani sa mineral kaya bagay sa mining. Napansin ng mga forester na may area na tinaniman ng mahogany. Limang taon na raw 'yun sabi ng tanod, hindi raw tumutubo dahil sa mga konsentrasyon ng mineral sa lupa. Hindi makapaniwala ang mga kasama kong forester at parang katatanim lang naman ng mga puno dahil punggok pa. Narinig yata ni kuyang tanod ang usapan nila. May ilan pang area na mukhang katatanim pa lang at sinabi ng tanod na nagka-tree planting activity sa Manicani noong isang buwan. Habang umaakyat natuwa kami nang may makitang tumutubong rimas, langka, at lanzones. Malapit na kami sa taas nang biglang mag-ayang bumaba ang tanod at baka nandoon na raw ang mga inimbitahan sa public consultation. Kaunti na lang sana at masisilip na namin ang mining site at ang parte ng natitirang gubat ng Manicani. Kaso mahihirapan na raw kami umakyat dahil maulan at matarik na doon. Nanghihinayang kaming bumaba pabalik sa barangay hall.

Ok, nakadikit na lahat ng kailangang manila paper sa dingding Takte ‘wag n’yo kong titigan be kind to me hindi ako sanay sa gan’to napag-atasan lang po Shet andami nila 1-2-3-4-5-10-15-20-40 mga 50 siguro Wala na ba tayong monoblock? Nadikitan na lahat ng name tags? Go na? Go? Uugod-ugod na si kagawad nagtatrabaho pa rin Sige kagawad, intro, taga-Maynila, maging mabait sana, tutulungan ang Manicani utos ni Secretary Gina bigyan ng karagdagang livelihood ‘Yun lang na-gets ko tapos Ok ako na, shet A, magandang hapon po, ako po si Gina, hindi po ako ‘yung secretary namin kapangalan ko lang po Tangina n’yo joke ‘yun Nandito po kami dahil naatasan po kami ng secretary namin Shet manong bakit ka tumatayo A sige po, manong...manong Maryo may tanong po?—Anong livelihood, kay mining man ang livelihood namin! Tama! Shet shet Opo opo kaya nga po kami nandito kasi baka may iba pang puwedeng idagdag sa kabuhayan ninyo o di kaya puwedeng ibigay sa mga asawa ninyo na nasa bahay o kaya sa mga anak ninyo pandagdag sa kinikita po ng pamilya, ano po Sige kagawad i-explain mo go Hindi mining ang pag-uusapan natin dito kundi livelihood Nandito sila galing Maynila pakinggan natin kay malayo man ang pinanggalingan nila at ngayon lang sila umaga dumating pagod pa mga iyan suportahan natin ang kanilang programa kay para rin naman sa atin ang iniisip ni Secretary Gina Shet ate Ah si Ate Thelma po yata may tanong Kagawad Tatay Mauricio, hindi naman po natin puwedeng hindi pag-usapan ang mining iyan ang pinakamalaking issue sa buong Manicani Island alam nila iyan alam ni Secretary Gina iyan, ngayon, nandito na nga sila taga-DENR dapat pag-usapan na natin ang mining! ‘Yon! Tama! Minsan lang sila pumunta dito at masuwerte tayo at napili ang isla ng Manicani Sige po tatay Mauricio, kagawad Ilang beses na tayong nag-usap sa mining May namatay na dito Alam natin lahat iyan pero this is not the proper forum para pag-usapan natin ang mining Livelihood ang ipinunta nila dito, livelihood lang ang pag-uusapan natin Ok ok sige po malinaw

na po ba sandali lang naman po kami dito tatagal lamang po ng mga 2 oras ang FGD natin kung saan may mga ilang katanungan po kaming hinanda—Una po, meron po bang mga fishers' organization sa Buenavista o sa buong Manicani? Meron po lahat po ng barangay may organisasyon pero hindi po aktibo Ano po ang paraan ng pangingisda po ng mga tao dito? Sumisisid po Namimingwit Fish trap, hook and line Araw-araw po nangingisda Ano pa po 'yung mga uri ng fishing gear na ginagamit po ninyo? Baklad, limang libo po iyon limang piraso depende kung makapal o manipis Isang taon lang po tumatagal kaya napakamahal po Pamingwit po ay depende sa laki Nasa 250 kada kilo po iyon apat na rolyo Ano-ano naman po ang mga isdang nahuhuli po ninyo May tulingan po danggit hamad-as mulmol matambaka dalagang bukid alimango hindi isda 'yun hahaha swordfish blue marlin Naibebenta n'yo rin po iyan Opo naibebebenta po sa Manicani plato-plato po ang bentahan dito Pero minsan may buyers po na bumibili dito dadalhin nila sa Guiuan Kung sana makapagdala po kami doon saka kung mabigyan po ba kami ng bangka—Ano-ano naman po ang mga organisasyong may kinalaman sa kagubatan o pagtatanim dito sa Buenavista? May organisasyon po sa niyog Mayaman sa mineral yung lupa kaya di kaya suportahan ang niyog Tumutubo po kamoteng kahoy Dati rin po may pinya Opo may nakita nga rin po kaming rimas doon nu'ng nag-transect kami kanina saka langka Opo marami po 'yan lalo dati Tumutubo pa nga po ang narra diyan dati noong bata pa ako may lauan din ho diyan nawala na ho nu'ng nagka-mining Uling po Wala hong nag-uuling dito pero nakakakuha naman po kami ng panggatong galing sa bukid Sa bundok ho A oo sa bundok hahaha—Ok papasadahan lang po natin ito ano po ba ang mga epekto ng mining sa inyong komunidad Massive job generation first and foremost we have given 491 jobs to the people of Manicani 46 scholarships with 3 mining related courses sa Surigao free ride sa malalayong lugar we gave out computers school supplies uniforms bumaba ang absentees dati kasi maraming cutting classes when the high school was

established marami nang nakapag-aral at hindi na magastos dati kasi sa Guiuan pa pinag-aaral Eh sa health po May clinic and doctors every now and then open for everyone and ready for emergency Pero dati po nagkaroon ng diarrhea 100 po ang tinamaan dito sa amin lalo ang mga bata mula nang mag-load ng stockpile That was already studied ma'am ni Dr. Arceno and there's no relationship ang disposal activity to diarrhea isolated case lang ho yan Ano naman po ang naging epekto ng mining sa kapaligiran Pag malakas po ang ulan gumuguho po ang lupa at nagiging pula ang dagat namin walang makuhang isda Natural process po ang siltation at erosion kapag umuulan gumuguho talaga ang lupa pasalamat nga po tayo sa mining may silt ponds na ginawa kaya nami-mitigate po ang siltation Kulang naman 'yan Pula pa rin ang tubig Nagkakasakit mga tao! E ayan ayaw n'yo kasi ipagalaw ang stockpile kaya lalong gumuguho ang lupa ayaw n'yong ipagalaw ang property n'yo hindi tuloy makagawa ng silt ponds para mapigilan ang guho Dati nakakapagtanim pa kami nang dumating ang mining na 'yan di na kami makapagtanim sa bukid! 260 kada araw lang kinikita namin tapos isa hanggang tatlong buwan lang kontrata May processing fee pa 600 pag-apply sa kompanya Tulad ng sinabi ko kanina hindi ito ang proper forum to talk about mining naandito tayo para pag-usapan ang livelihood—E ano pong gagawin ninyo 'pag naubos na lahat ng lupa n'yo dahil sa open-pit mining—Gina 'wag mo nang—Sa'n na po kayo magtatanim mangingisda kung wala na kayong lupa, ano po? Gina that's enough—Itanong n'yo ho sa sarili ninyo kung nakikinabang ba talaga kayo sa mga binebentang nickel ores sa China sabi po sa data na nakuha namin 60%—lampas kalahati pa rin po ng tao dito e mahirap di kaya 'yung kompanya lang ang yumayaman dito ano po at baka isang araw mawala na lang ang—Gina!

Nagpahangin muna 'ko sa labas habang tinutuloy ni Charizard at ng iba pa naming kasama 'yung discussion. Sabon ako mamaya, sigurado. Pero kebs. Nagtimpla muna 'ko ng kape. Habang

nagkakape, nagulat ako nang may tumapik sa likod ko. Lagutok pero hindi masakit. Muntik tuloy matapon ang kape. Si Thelma, natandaan ko 'yung pangalan niya kahit wala na siyang name tag. Siya 'yung matapang na babaeng unang kumontra sa empleyado ng mining kanina. Naka-orange siyang t-shirt at itim na tokong. "'Lika iday sama ka sa 'kin ipapakita ko sa iyo ang mapulang lupa dahil sa mining na iyan. Sandali lang tayo." Halos magka-edad lang kami pero para siyang matanda kung magsalita. Mahaba ang buhok, payat, at kayumanggi. Hindi niya mapigilang manginig 'yung gilid ng labi niya at dilat na dilat ang mga mata.

Sumunod naman ako sa kanya at mayamaya nagbabangka na kami sa bakawan. Gusto ko rin kasing makalibot kahit sa Buenavista lang. "Puwedeng pang-eco-tourism 'tong bakawan n'yo Ate ang ganda, o! Kung sasamahan n'yo 'to ng crab culture siguradong kikita kayo." Wala siyang imik habang manghang-mangha naman ako sa malalaki at malalagong bakawan sa kaliwa't kanan ko. "'Lika lusong tayo. Lakad tayong kaunti doon makikita mo ang pulang lupa, galing mismo sa taas sa mga hinukay nila." Sinuong namin ang bakawan kahit amoy burak. Siguradong kakapit 'to mamaya sa binti. Pagkatapos ng halos 15 minuto nakita ko na 'yung mapulang lupa. "Mas mapula pa iyan kapag malakas ang ulan. Maraming sinira ang Yolanda pero tumubo rin pagkatapos. Pero iyan, iyan ang papatay sa mga likas-yaman dito, pati sa mga tao." Pagkatapos sa bakawan, dinala niya rin ako sa lugar malapit daw sa bahay nila at pinakita niya 'yung mga nasirang silt ponds na gawa ng mining company. "Totoo, napipigilan nila ang guho ng lupa kapag mahina ang ulan. Pero kapag malakas ang buhos umaabot na sa dagat ang silt. Kung mag-i-stay ka pa rito mas makikita mo ang kababuyan ng mining company na iyan."

Pagkaraan, dinala ako ni Ate Thelma sa tabing-dagat. Ang ganda-ganda ng dagat sa harapan ko pero nasisira ang moment dahil sa gilid, kinakarga ng mga kumakarag-karag na trak ang mga dala nitong lupa papunta sa barko. Nagpaalam si Ate Thelma na uuwi muna sandali pero hindi na

niya ‘ko binalikan. Naglunoy muna ‘ko sa dagat bago hinanap ang daan pabalik sa barangay hall. Malinaw ang tubig. Namulot ako ng shells sa dalampasigan. Natuwa ako nang makitang may mga komang sa loob ng ibang shells, ang lalaki! Pinulot ko ‘yung pinakamalaking komang na halos sinlaki ng kamao ko at inilapag sa buhangin sa harapan ko. Umatras ako nang bahagya pero ayaw niyang maglakad. Lumayo pa ako. Ayaw pa rin. Naisip ko kung alam niya kaya na tinitingnan ko siya. Sampung malalaking hakbang paatras, tapos tumalungko ako. Nakatitig lang sa komang. Inaantay siyang maglakad. Ilang saglit pa unti-unting umangat ang bahay niya at nag-umpisa siyang maglakad. Palayo, hanggang sa humalo siya sa buhangin at hindi ko na makita.

Alalang-alala sila pagbalik ko ng barangay hall. Ginabi na ‘ko. Apat na oras pala ‘kong nawala nang di ko namamalayan. Kinuwento ko na sumama ako sa isang participant sa FGD kanina para makita ‘yung silt galing sa mining site. “Tanga ka ba?” Di ko na lang pinansin si Charizard. Kung ba’t di ko man lang raw kinuhaan ng picture. Tangina. Ba’t nga ba kasi hindi ko naalala. Nakapag-meeting na ang buong team para i-consolidate ang results sa apat na barangay. Tapos na rin ang powerpoint na ipapakita kinabukasan sa exit-con. Naghanda ng konting salusalo sa barangay San Jose at Buenavista kaya hinati sa dalawa ang buong team. Bumalik sa San Jose ‘yung iba kasama ni Superman at nagpaiwan sa Buenavista ‘yung grupo nina Fe at Ostrich.

Naghain kami sa kahoy na mesa at nagsalusalo sa tapat ng barangay hall. Worth it ang pagod sa dami at sarap ng pagkain. Panalo ‘yung inihaw na tulingan, kinilaw, saka dalu-dalu. Pagkatapos kumain, naglabas ‘yung taga-regional office ng tuba at pampulutan na ganga. 10 kaming umiinom at nagkukuwentuhan tungkol sa nangyaring consultation. Ayokong nakikipag-inuman kasi di ako madaling malasing. Baliw-baliwan na ‘yung iba, matino pa rin ako. Bata pa kasi ako, tinuruan na ‘ko ng tita kong uminom. Wine, champaigne, cognac, whiskey, beer, lahat pinagsawaan ko na. Para raw di ako madaling mauto ng mga manyak. Di na rin siya nag-asawa. Binuhos na lang sa

‘kin lahat ng oras (saka sa “tamang” pag-inom ng alak) bago nagka-cancer. Nagsasayaw na si Fe kahit walang tugtog. Nangangamatis naman ang pisngi ni Ostrich. Allergic daw sa alkohol napilit namang uminom. Kiskis pa more si Charizard kay Ostrich. Si Ostrich naman, dedma. Nagnanakawan sila ng tingin nung law student galing sa Policy division na kasama nila sa Hamorawon. Naka-pekpek shorts siya, salamin na may oversized black frames, at loose na sando.

“Di kaya na-barang ka kanina? Antagal mo nawala, girl!” Naupo rin si Fe sa wakas. Sabi ko di ko alam. Ewan. Parang wala ‘ko sa sarili kanina. Actually pagtapak ko pa lang ng Manicani parang wala na ‘ko sa sarili. “Uso daw ang kam bak-kam bak dito, ‘pag na-tripan ka siguradong mapapabalik ka o worse, di ka na makakaalis ng isla,” dugtong ng forester na mabaho ang hininga. “Halaaaa,” tawanan sila. Tangina n’yo. Totoo nga sigurong may gano’n pero pinili ko naman talagang sumama kay Ate Thelma. Buti na lang talaga hindi matitiis ni Charizard na wala sa kanya ang spotlight at nagyayang maglaro: Never have I ever. Lasing na si ate. Tinatamaan na rin ako.

Pinaliwanag ni Charizard ‘yung mechanics, dudugtungan ng taya ‘yung phrase na Never have I ever, tapos kung nagawa mo na ‘yung sinabi, kailangan mong uminom. Puwede rin uminom ‘yung nagsalita kung nagsinungaling siya. Gusto na naman nitong mamahiya. Sige lang, hindi kita aatrasan. Nag-alisan ‘yung mga tanders kasi di raw nila gets ‘yung laro. Matutulog na lang raw at mag-aayos pa para sa exit conference bukas. Anim kaming naiwan sa palibot ng mesang kahoy.

“Never have I ever...smoked a joint.” Takteng ‘yan. Uminom kami lahat sabay tawanan.

“Never have I ever...passed out because I was so drunk.” Kung magiging gan’to lang ka-boring matutulog na lang rin ako.

“Never have I ever...been detained at the barangay hall.” Uminom si forester na mabaho ang hininga. Uminom din si Charizard. Nagulat lahat at tinanong siya kung pa’no nangyari ‘yun. “Di

n’yo ba alam? Pula kami dati niyan ni Char nu’ng college. Chairperson pa ‘yan! Ta’s sa dami ng kagaguhan namin dati pinapaskil pa ‘yung mukha namin sa buong kampus. Sikat kami sa buong Elbi! Ta’s ngayon, eto, nagtatrabaho na sa gobyerno.” Nagtawanan lahat. Di ako makapaniwala. Hanggang sa nagtanungan na kung ano ang mga org namin. Ayokong napupunta dito ang usapan kasi wala akong org nu’ng college. “Ay, barbarian ka pala. Ano ‘yun choice mo talaga o ayaw kang payagan ng parents mo?” Tawanan ulit sila. Ba’t nga ba hindi ako sumali sa kahit anong org. Ewan, ayoko lang kasi talaga ng pa-frat-frat-soro-soro. Meron pa rin naman akong naging mga kaibigan kahit wala akong matatawag na brod at sis. Tumayo si Charizard, lasing na lasing na at tumabi sa ‘kin. “Don’t worry, Gina, I’m your friend. Uy sorry sa mga nasabi ko sa ‘yo before. I didn’t mean it. Friends?” sabay abot ng kamay niya. Ang init. Charizard nga. Bumalik siya sa tabi ni Ostrich at tinuloy ang pagkiskis-lingkis. Para namang hinuhubaran ni Ostrich sa tingin ‘yung law student na naka-pekpek shorts, salamin na may oversized black frames, at loose na sando.

“Never have I ever...had a crush on my officemate.” Ayan tayo, e. Onti na lang talaga. Uminom lahat pwera sa ‘kin. Weeeeh Gina, hindi ngaaaa. Utot n’yo. Move on na move on na, sabi ko. Ilang ikot pa tatayo na ‘ko.

Naging mas balahura na ang usapan. Si Charizard ulit. “Never have I ever...been fingered in the office.” Sigawan silang lahat. Di ako makapaniwala.

Alam ba ni Charizard? Putang-ina nito ni Ostrich pinagsabi yata ‘yung nangyari. Putang ina n’yo! Naiiyak na ‘ko. Pero kung akala mo itataas ko ‘tong baso, Charizard, asa ka. Patigasan tayo. Di ako iiyak. Di mo ko mapapahiya ngayon.

Uminom si Charizard. Lalong lumakas ang sigawan at napapadyak pa ‘yung iba habang hinahampas ‘yung mesang kahoy. “Inom natin ‘yan!” Inom naman kaming lahat. Biglang tumayo si Ostrich, hindi maipinta ang mukha. Matutulog na raw siya. Tuloy pa rin ang tawanan at inuman.

Nagpalipas lang ako ng isang ikot, tapos nagsabi na rin akong inaantok na ‘ko. Tuloy lang sila sa laro at inom. Ang tagal ko bago nakatulog.

Naglalakad ako sa maputik na daan. Tantsa ko lampas hatinggabi na. Patay ang ilaw ng mga bahay. Pamilyar ang lugar. Madilim. Sa buwan lang nanggagaling ang liwanag. Namamaga ‘yung buwan. Parang sasabog. Naalala kong nasa isla ako ng Manicani, sa Barangay Buenavista. Naalala ko lahat ng nangyari sa araw na ‘yon. Papunta ‘ko sa mabatong pampang kung sa’n dumaong ‘yung pump boat nu’ng una ‘kong dumating sa Manicani.

Gusto ko nang umuwi. Pakiramdam ko kailangan ko nang umuwi. Buti’t may tao pa sa pampang at may isa pang bangka. “Ba-biyahe po pa-Guiuan?” Naglatag siya ng mahabang tabla at dahan-dahan akong naglakad paakyat hanggang makasakay sa pump boat. Sumunod siya’t pinaandar ang makina.

Unti-unting naglalaho ang isla ng Manicani sa paningin ko. Ilang saglit pa, para na ‘kong nakatingin sa kawalan. Napansin kong matandang babae pala ‘yung kasama ko sa bangka. Naka-sumbrero’t naiilawan ng buwan ang mukha. Pamilyar, pero hindi ko maalala kung sino.

“Alam ng mga tao dito na pupunta kayo.” Mahina ang boses niya pero siguradong-sigurado. “Kaya tinaniman nila ng mga puno ang bukid, nilinis nila, para ipakitang nakakabuti ang mining dito. Pero ‘pag wala na kayo, huhukayin na naman nila ang lupa. Dadalhin ang lupa ng Manicani sa China para kumita sila ng maraming pera. Araw-gabi. ‘Pag hindi sila tumigil, balang araw mauubos ang lupa, mawawala na lang ang isla.”

Napansin kong may baril sa gitna namin ng matandang babae. Mukhang armalayt. Kumikinang sa liwanag ng buwan.

“Alam mo bang ginawang base dati ng Amerikano ang Manicani noong panahon ng giyera? Napulot ko iyan kanina.” Bahagya siyang ngumiti.

“Para saan po ‘yan?”

“Sinasabi lang nilang gusto ng mga tao ang mining dito, pero sa totoo mas marami kaming may ayaw. Kaunti lang kaming organisado kaya hindi nila kami pinapakinggan. Pero kaunting oras na lang, kapag nagising ang mga tao dito, tiyak mababawi namin ang Manicani. Aalagaan na namin. Magtatanim kami ulit. Mangingisda. Tulad ng dati.”

Matagal kaming natahimik. Tumingin ako sa likod at naaaninag ko na ang Guiuan. Umaandap-andap ang mga ilaw. Humarap ulit ako sa matanda.

“Ikaw iday, ano bang hinahanap mo?”

Matagal bago ako nakapagsalita. “A...tahimik na buhay po?” Ngumiti siya, bumungisngis, hanggang sa sumabog ang tawa niya’t nagtawanan kami ng matanda. Parang matagal nang magkaibigan. Sa sobrang lakas ng tawa namin pakiramdam ko humahagis ang saya namin sa dagat.

“Babalik ka ng Maynila?”

“Hindi po. Uuwi na po ako ng Leyte, sa Tanauan. Nand’on po ang mga magulang at ibang kamag-anak ko. May maliit po kaming lupa. Tutulong po ako sa kanila at sa komunidad du’n. Gusto ko pong matutong magsaka, magtanim ng mga puno, bungangkahoy—”

“Mahirap magsaka, iday! Mas maraming problema ang magsasaka!” Nakangiti pa rin siya. “Pero marami akong kaibigan sa Tanauan. Kapag magkaproblema ka, hanapin mo si Ka Rudy. Tingin ko matutulungan ka niya at ng mga kasama niya. Lilinangin niya’ng mga kakayahan mo, iday. Marami kang matututunan sa kanya. Huwag kang makakalimot, ha, iday.” Tatanungin ko pa sana kung sino si Ka Rudy, nang biglang matunaw ang dilim kasabay ng pagsabog ng liwanag.

Maaga kaming gumising para sa exit conference na gagawin sa covered court sa tabi ng barangay hall. 9AM ang sinabi naming umpisa pero nagdatingan ang mga tao bago pa mag-alas-otso, karamihan mga lalaki. Wala nang maupuang monoblock. Mayamaya, naglabas ng malalaking katsang may sulat 'yung mga nasa bandang likuran: Huwag kanselahin ang permit! | Kami nga mga ungod na mulupyo han Manicani mahugot nga nasuporta han Responsible Mining! | Bigay ng Hinatuan Mining Corporation magandang buhay sa marangal na hanapbuhay. Sa gilid naman meron ding konting may dala ng tarp at pininturahang plywood: No to Mining! | Nakakasira sa Kalikasan ang Mining! Pagbabago ngayon na! No to pro-capitalist and profit-driven rehabilitation!

Pinaspasan ni Superman ang presentation. Doon ko na lang nakita ang synthesis ng public consultations namin sa apat na barangay. Common na problema sa buong isla ang kawalan ng trabaho at mapagkakakitaan ng pera. Sa tanong naman kung anong kabuhayan ang gusto nila para sa Manicani, lumabas ang pagtatayo ng small and medium enterprises, livestock management, pagtatanim, at pangingisda. "Ipinangako po ng aming kalihim na pupunta po siya dito sa isla ng Manicani sa lalong madaling panahon." Umingay ang mga tao kaya hindi na nakapag-entertain ng tanong si Superman. Humanga ako sa composure niya, hindi siya kinakabog sa pagpi-present sa harap ng mga nagra-rally. Gusto ko rin maging gano'n. Pagtapos ng presentation, lumakas ang bulungan. Nagturn-over kami ng output sa mga barangay captain. Hindi sumipot ang kapitan ng Buenavista. Nagsulat kami sa attendance sheet namin at sa logbook ng barangay. Sa malayo, nakita kong may pinapaikot ding papel 'yung empleyado ng mining company sa mga kasamahan niyang may dala ng katsa kanina.

Nu'ng naghahanda na kaming umuwi, nilapitan ako ni Superman. "Gina, I heard about what you did yesterday. That was brave! Pero bata ka pa, marami ka pang matututunan." Marami pa

nga siguro. At marami akong gustong gawin, pero hindi sa gan'tong sistema. Nginitian ko lang siya. Hindi ko alam kung ba't bigla kong naisip na ganito siguro magsalita ang tatay sa anak. Na tulad ng ibang anak, magrerebelde rin ako, pero alam kong maiintindihan niya.

Alas dose na ng tanghali at tirik na tirik ang araw. Hinihintay na lang ang pump boat pa-Guiuan. Nag-uwian na ang mga tao. Ang sasaya ng officemates ko habang nagse-selfie sa tapat ng barangay hall. Lumayo ako't tumayo malapit sa isang klasrum. Nang makahanap ng signal, tinawagan ko 'yung kaibigan kong admin aid sa division namin na nakatira sa office.

"Ano 'te, pauwi na kayo?"

"'Ne, may papel diyan sa ibabaw ng desk ko pinatungan ko ng calendar. Pakilagay naman sa desk ni boss, o. Di na ko babalik ng office. Salamat!" Binaba ko agad ang cellphone.

Mayamaya, naka-receive ako ng text: Ate Gina wala pong papel at kalendaryo dito.

Di na 'ko nagreply. Nagtimpla na lang ako ng mainit na kape kahit tirik na tirik ang araw. Di ako puwedeng antukin mamaya sa biyahe. Nasisilaw ako habang pinapanood ang mga kasama kong nagpi-picture-picture pa rin. Tagos sa buto ang init.

May tumapik sa likod ko. Si Thelma. Nanginginig pa rin 'yung gilid ng labi at dilat na dilat ang mga mata.

"Kailan ang balik mo?"

Tumatagaktak ang pawis ko pero ang sarap sa pakiramdam. Para 'kong hinuhugasan.